THE TAMARAO JOURNAL

## WHAT'S INSIDE?

3 PHILIPPINE MARINE DRUM & BUGLE TEAM AND SILENT DRILL PLATOON PRESENTATION

VOLUME 3 No. 20 Mar. 25, 2024 - Mar. 31, 2024

# SERBISYONG TAMA PARA SA BARANGAY MALAD, HANDOG NG MAYOR NG CALAPAN!

SERBISYONG TAMA para sa barangay Malad naman ang matagumpay na naisakatuparan ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, noong ika-25 ng Marso.

Sa pagtutulungan ng CGC Departments & Offices at iba't ibang ahensya ng pamahalaan, mabilis at maalwang naipagkaloob sa mga residente ng Brgy. Malad ang iba't ibang serbisyong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga Calapeño, sa pamamagitan ng Barangay Caravan.

Ang naturang aktibidad ay dinaluhan ng Punong lungsod, Mayor Malou Morillo, kasama sina City Councilor, Atty. Jel Magsuci at Calapan City Hermano Mayor, Mr. Orven F. Rabino, gayundin ng CGC Department & Office Heads at Program Managers (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).










## PAGKILALA AT PASASALAMAT

SA katatapos lamang na selebrasyon ng ika-26 na anibersaryo ng pagiging ganap na lungsod ng Calapan na may temang "Kultibasyon ng Kasasaysayan tungo sa TAMAng Direksyong patunubay ng Progresibong Calapan", ilang indibidwal, opisina, departamento, organisasyon at ahensya ang kinilala at lubos na pinasalamatan ng lungsod ng Calapan sa pangunguna ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo, Lunes ika-25 ng Marso.

Kasabay ng regular flag raising ceremony, isinagawa ang paggawad at pagbibigay ng mga sertipiko sa mga naging bahagai ng katagumpayan ng pagdiriwang at selebrasyon ng cityhood anniversary.

Kinilala ang kontribusyon at dedikasyon ng MNLC Committee, na silang nasa likod ng isinagawang Mutya ng Lungsod ng Calapan. Gayundin, pasasalamat naman ang ipinaabot sa walang humpay na pag gampan nila sa kanilang mga trabaho — ang iba't ibang departamento at opisina na kabilang sa Incident Management Team.

Masigabong palakpakan naman ang sumalubong kay Mr. Orven Rabino, na syang dahilan kung bakit naging posible ang pagbibigay ng galak, liwanag at sigla sa buong lalawigan, sa isinagawang Kalap Festival Grand Concert 2024. Si Mr. Rabino ang naging katuwang at kabalikat ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo sa pagsasakatuparan ng isang gabi na puno ng kasiyahan para sa taumbayan.

Naniniwala ang Ina ng Lungsod na nararapat lamang ang ganitong uri ng selebrasyon na tunay namang handog para sa bawat Calapeño, sapagkat bawat isa ay naging bahagi sa tinatamasang kaunlaran ng lungsod ng Calapan (Kate Rondilla Redublo/ CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM






TINGNAN: Nagsagawa ng Fire Safety campaign ang tanggapan ng Bureau of Fire Protection sa mga komunidad at sa mga institusyon kabilang ang mga paaralan upang maitaas ang kamalayan hinggil sa tamang kaalaman kontra sunog at kung paano ito maiiwasan upang maprotektahan ang mga buhay at ari-arian mula sa panganib na dala ng sunog.


Sa isinagawang Kapihan na pinangasiwaan ng Philippine Information Agency noong Marso 25, ipinahayag ni Senior Fire Officer, Harry John Tolentino na layunin ng kanilang tanggapan na mapataas ang kamalayan ng mga mamamayan hinggil dito.

Bilang bahagi ng fire safety campaign na isinasagawa nila, nakikipagtuwang ang kanilang tangapan sa mga paaralan sa pamamagitan ng programang Lakbay-aral kasama si Berong, ang BFP mascot. Kabilang dito ang pagsasagawa nila ng fire drills sa MINSU-Calapan City Campus gayundin sa Nuciti Central upang maitiyak ang kahandaan ng mga nagtitigil dito oras ng magkaroon ng sunog sa mga naturang lugar. Sa mga residente namang napupuntahan ng kanilang grupo, itinuturo rin nila kung paano mapoprotektahan ang kanilang mga alagang hayop kapag nagkasunog at ang mga pangunahing dapat gawin bago pa man dumating ang mga bumbero.

Sa unang taon ng 2024, nakapagtala na ng dalawang sunog sa Lungsod ng Calapan kaya naman nagbigay ng tagubilin ang tanggapan ng BFP ngayong Semana Santa lalo na sa mga aalis ng kanilang tahanan na tiyaking mabunot ang mga electric plug na nakasaksak bago umalis ang mga ito ng kanilang bahay.

Naniniwala si SFO Tolentino na sa tulong ng mga inisyatiba ng kanilang ahensya, magkakaroon ng kamalayan ang mga residente ukol sa tamang pag-iwas sa sunog at maitataguyod ang kaligtasan ng buhay at ari-arian laban sa mga dalang panganib nito.

Para naman sa mabilis na pagresponde ng mga bumbero sakaling magkaroon ng sunog, kaagad na ipagbigay alam sa kanilang tanggapan ang insidente sa pamamagitan ng pagtawag o pakikipag-ugnayan sa kanilang numero: 0915-603-1561(globe), 0981-478-2880 (smart) at 288-7777 naman sa kanilang hotline number.




**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**






# PHILIPPINE MARINE DRUM & BUGLE TEAM AND SILENT DRILL PLATOON PRESENTATION

NASAKSIHAN at hinangaan nina City Mayor Marilou Flores-Morillo at City Councilor, Atty. Jel Magsuci, gayundin ng mga Calapeño ang pambihirang husay at disiplinang ipinamalas ng Philippine Marine Drum and Bugle Team, gayundin ng Philippine Marine Silent Drill Platoon sa kanilang makabuluhang presentasyong nagpakita ng pagkamakabayan, sa pagdiriwang ng ika-26 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Lungsod ng Calapan, ginanap sa Oriental Mindoro National High School, Open Grounds, noong ika-21 ng Marso.

Dumalo at nanood din sa naturang pagtatanghal si Acting City Administrator, City Legal Officer, Atty. Rey Daniel Acedillo, kasama ang Department & Office Heads, Program Managers, at ng mga empleyado ng Pamahalaang Lungsod, maging ang mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod, gayundin ang mga guro at mag-aaral mula sa iba't ibang paaralan sa Calapan.

Sa matagumpay na pagsasagawa sa makabuluhang aktibidad na ito, handog din ng Punong-lungsod ang pasasalamat kina MGEN ARTURO G. ROJAS, Commandant of the Marines at Former Oriental Mindoro Governor, Benjamin "Chippy" Espiritu, gayundin sa mga nangasiwa rito sa pangunguna ng Calapan City Tourism, Culture and Arts at City Information Office (Cedric Errol A. De Guzman).







# KALAP FESTIVAL 2024 GRAND ZUMBA

TAMPOK sa araw ng pagdiriwang ng pagkakatatag bilang lungsod ng Calapan ang *"Kalap Festival 2024: Grand Zumba"* na nagpaindak sa mga Calapeño, sa pangunguna ng Zumba Instructor Artist na si Mr. Joshua Zamora ng *"The manoeuvers"*, kasama ang iba pang dancers, coaches, at zumba instructors na sina Zin Jhuvie, Zin Kenneth, Zin Leo, Zin Bhong, Zin Noel Acedillo, at Coach Ronan Perez.

Matagumpay na naisakatuparan ang nasabing aktibidad sa pangangasiwa ng Pamahalaang Lungsod ng Calapan, sa pangunguna ng Calapan City Tourism, Culture and Arts, sa pamumuno ni Supervising Tourism Operations Officer, Mr. Christian E. Gaud, sa tulong at suporta rin ni Mr. Orven Rabino (Cedric Errol A. De Guzman).





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 20 Mar. 25, 2024 - Mar. 31, 2024

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *KALAP FESTIVAL 2024 GRAND CONCERT*

PAGDIRIWANG ng kultura, kasaysayan, at kasaganahan ng Lungsod ng Calapan!

Muli na namang napuno ang OMNHS Open Grounds dahil sa Kalap Festival 2024 Grand Concert na ginanap noong ika-21 ng Marso bilang bahagi ng pagdiriwang ng 26th Cityhood Anniversary ng Lungsod ng Calapan.

Hangad ni City Mayor Marilou Flores-Morillo at ng Pamahalaang Lungsod na handugan ng isang masayang gabi ang mga Calapeños, dahil naniniwala siya na bawat tao ay naging bahagi ng isang mas malaking kuwento ng pagkakaisa at pagtatagumpay.

Kaya naman, sa tulong at kabutihang loob ni Mr. Orven Rabino, CEO ng Rabino Home Buildres Corporation, dinala ang iba't ibang personalidad na nagpasaya, nagpasigla, at nagpa-indak sa Lungsod ng Calapan.

Lalong higit na naging solid ang concert dahil sa mga performances mula kay Andrew E. Worldwide, Vhong Navarro, Jed Madela, Wacky Kiray at The Secret. Maliban sa kanila, tampok din ang Angkel Jay, Izay Band, Banda ni Sadam, at Tyrone.

Ang Grand Concert ay isa sa mga highlight ng Kalap Festival — isang pagdiriwang na nagbibigay-daan upang mabalikan natin ang masayang araw na naging Lungsod ang Calapan (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

